NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

LIWAYWAY

Pebrero 4, 2019

TULA
PAGKAKATAON
NI ADELMA L. SALVADOR

BAGONG MANUNULAT
SI SELIA, SI DAM, AT SI JOHN LLOYD CRUZ
NI RAYNE MARIANO

NOBELA
PAANO MAABOT ANG LANGIT
NI NERI JEDELIZ

Elisse JOSON

MANILA BULLETIN PUBLISHING

ISSN 1656-85-14

P25

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

MGA NILALAMAN

I-like kami sa aming facebook page: www.facebook.com/liwayway.magazine

NOBELA
6 **Kung Dumating Ang Pag-ibig (16)**
Efren Abueg
9 **Paano Maabot Ang Langit (19)**
Neri Jedeliz
12 **Higit Na Matibay (8)**
Armando T. Javier

KUWENTO
4 **Kasalo Sa Pinggan (1)**
Amado Bravo
14 **Kung Paano Bumalik Sa Umpisa**
George Deoso
16 **Si Selia, Si Dam, At Si John Lloyd Cruz**
Rayne Mariano

LATHALAIN
18 **Tumatanda Ka Ba Nang Paurong?**
Lilia Borlongan-Alvarez

KOMIKS
27 **Sa Mundong Iyon... (20)**
Perry C. Mangilaya / Donato Santos
30 **Enteng Anting (71)**
Armando T. Javier / Rod Lofamia
33 **Ako At Ako Lamang (41)**
Elena M. Patron-Delos Angeles /Rico Rival
38 **Doro Dora**
William Contreras

TULA
40 **Pagkakataon**
Adelma A. Salvador

KOLUM
20 **Haraya**
Dr. Michael M. Coroza
22 **Agrikultura**
Zac B. Sarian
36 **Magluto Tayo**
Mareng Lena
36 **Balik-Tanaw Sa Kasaysayan**
Boy A. Silverio

SHOWBIZ
24 **Elisse At McCoy, Nagpakita Ng Propesyonalismo Sa Pinagtambalang Pelikula**
Maricris V. Nicasio
25 **Ria Atayde, Patuloy Ang Pag-Arangkada Sa TV At Pelikula**
Nonie V. Nicasio

LIBANGAN
37 **Pag-Usapan Natin!**
Kuya Sam
37 **Astrolohiya**
Madame Sharona
38 **Palaisipan**
Jose Marie Gallego
38 **Math Puzzle**
Rosemarie Adaya
38 **Magtawanan Tayo!**
Chad Faller

Tumatanda ka ba nang paurong?

Ni LILIA BORLONGAN-ALVAREZ

MADALAS kang marinig ang tanong na ito sa isa naming kapitbahay noong araw. Lagi kasi niyang pinagagalitan ang kanyang anak na *teenager*. Malao'y nahinuha ko ang ibig niyang sabihin – sapagkat sa halip na mag-aral ang anak ay kung ano-ano ang pinagkakaabalahan. Narito ang ilang halimbawa at obserbasyon ng manunulat na ito hinggil sa di-kanais-nais na ugaling ito – ang pagtanda nang paurong:

Ang magsuot ng damit na hindi karapat-dapat sa ating edad. Kung tayo ba'y 75 anyos na, magsusuot pa kaya tayo ng mga blusang *backless*, o may *spaghetti straps* at *mini-skirt*, at mga sapatos na ubod ng taas ang takong? Hindi lamang *aesthetics* ang pinag-uusapan dito kundi pati na rin ang katotohanang hindi praktikal ang magsuot nang gayon: maaari tayong matapilok, matisod, at bumagsak sa kalsada, bukod pa siyempre sa katotohanang hindi na "interesante" ang makikita sa ating dibdib, balikat at likod!

Ang pagsasawalang-bahala sa mabubuting asal o *etiquette*. Noong isang gabi habang nakasakay ako at ang aking asawa sa bus, at habang tulog ang lahat ng pasahero, may isang babaeng labis ang kaltab ng dila! At hindi lamang iyan – binibili pa niya ang sarili niyang mga *jokes*! Kahit malakas at mataas ang tono ng kanyang boses, tila hindi siya pinapansin ng kanyang kausap. Naitanong ko sa sarili: saan kaya siya kumukuha ng enerhiyang magkuwento at tumawa nang malakas gayong sibsib na ang gabi? Ang tawag dito'y pagtanda nang paurong sapagkat wala siyang konsiderasyon sa mga pasaherong natutulog at naiinahimik!

Ang pagsesermon at pagbibigay ng payo na hindi naman hinihingi. Ang tawag dito'y *unsolicited advice*. Maraming *senior citizens* (na may pakiramdam na sila'y kaban ng lahat ng karunungan) ang mahilig magpayo (*lecture* o sermon) kahit na hindi naman ito hinihingi ng kausap o bagong kakilala lamang.

May pakiramdam din sila na kailangan nilang magsalita hinggil sa bawat paksang pinag-uusapan lalo na sa mga pagtitipon.

Mahilig din silang makialam sa buhay ng iba – buhay ng kapitbahay, buhay ng kaibigan, buhay ng kamag-anak. Ipinapalagay nilang tama sila sa lahat ng oras at dapat silang pakinggan ng mga kabataan.

Mga larawang mula sa Google

Ang paglalahad ng mga detalye sa isang kuwento. May mga taong mahilig magkuwento ng kahit pinakamaliliit na detalye sa bawat kuwento, kahit na hindi mahalaga ang mga detalyeng iyon! Ang resulta tuloy ay: inip na inip ang kausap sa kahihinatnan ng kuwento at hindi ngayon niya alam kung may katapusan nga ang kuwentong iyon!

Ang magreklamo tungkol sa lahat ng nararamdaman sa katawan. May mga kapitbahay o kamag-anak ba kayo na sa tuwing kayo'y magkikita ay walang ikinuwento kundi ang tungkol sa sakit na nararamdaman nila sa kanilang tuhod, balikat at likod? Na lagi sila sa duktor? Na malabong-malabo na ang kanilang mata? Na mahina na ang kanilang pandinig? Dapat kaawaan ang gayong mga tao dahil sa kanilang dinaramdam sa katawan, ngunit kung puro reklamo ang inyong maririnig, masisiyahan kaya kayong makausap sila?

Para hindi tayo tumanda nang paurong, marapat na tandaan at sambitin ang panalanging ito na sinulat ng isang awtor na *anonymous*:

Panginoon, Ikaw ang nakakakilala nang higit sa akin – na ako'y tumatanda na at balang araw ay magiging matanda na. Iwaksi ko nawa ang ugaling kailangang magsalita ako tungkol sa bawat paksa at sa bawat pagkakataon.

Palayain Mo ako sa paghahangad na makialam sa buhay ng iba. Gawin Mo akong maalalahanin ngunit hindi sumpungin; matulungin ngunit hindi palautos. Iwaksi Mo sa aking isip ang paglalahad ng walang katapusang detalye, pagkalooban Mo ako ng "pakpak" para makarating ako sa ibig kong sabihin. Itikom Mo ang aking bibig sa lahat ng nararamdaman kong sakit sa katawan.

Hindi ko hinihiling na umunlad ang aking memorya, kundi ang kahabaang-loob sa tuwing makakasangga ko ang memorya ng iba. Turo mo sa akin ang aral na marahil ako'y nagkakamali rin.

Gawin Mo akong laging magiliw at palangiti sapagkat ang taong masungit at laging nakasimalmal ay isa sa mga gawin ng demonyo. Ipagkaloob Mong makita ko ang mabubuti sa lahat ng tao…

Kasalo Sa Pinggan

(Mula sa pahina 8)

"L-Lorna, kanina ka pa d'yan…?"

Ngumiti si Lorna. "Kanina pa. Tumatawag ako e tulog na tulog ka pala…"

"S-Saglit," sabi ni Tasyo, umibis sa papag at nagsuot ng *shorts* at kamiseta. Tumalikod si Lorna.

"Bakit ka napasugod? Kailangan mo ng isda…?"

"Hindi."

Lumabas sila sa bahay at naupo sa bangko roon sa lilim ng punong sampalok.

"Naiinip lang ako sa *apartment* kaya ako pumunta dito. Wala naman kasi akong kakilala dito…"

Ang alam niya'y taga-Norte si Lorna.

"Bakit? Si Ferdie?"

"Umalis. Maaga pa'y sinundo na ng barkada. At pag barkada'ng kasama no'n, walang oras kung um'wi. Minsa'y hindi pa nga umuuwi ng ilang araw…"

Ayaw naman niyang itanong kung saan nagpupunta.

Saglit niyang iniwan si Lorna, pumasok sa bahay at lumabas uli na dala ang dalawang baso at ang bote ng *rhum* na hindi niya naubos kagabi.

"Wala akong maidulot sa 'yo. Sumi-syat ka naman, di ba?"

Natawa si Lorna. "Tanghaling tapat naman…"

"Konti lang naman 'to."

Kinuha sa kanya ang isang baso at hinintay na salinan niya ng *rhum*. Tinabihan niya uli sa pagkakaupo si Lorna sa mahabang bangko. Ipiningki niya ang baso niya sa baso ni Lorna at uminom. Umaskad ang mukha ni Lorna.

Napangiti si Tasyo. "Masasanay ka rin…"

"Di naman talaga 'ko umiinom. Sa 'min sa Bauang, malakas ding uminom ang tatay ko, paris mo. Ayun, tinamaan ang atay. Mga bata pa kami nang mamatay…"

"Taga-La Union ka pala?"

"Oo. Do'n nga kami nagkakilala ni Ferdie. Naglalaro kami ng mga barkada ko ng *beach volleyball*, naka-*check-in* naman sila ng mga barkada n'ya sa *resort*. Natipuhan ako, pero ang sabi sa 'kin, ipapasok n'ya ako sa trabaho. Tapos naman ako ng *high school*. Dahil kapos din ang pamilya namin, nang ipagpaalam ako sa nanay ko, pumayag, matapos na bigyan ni Ferdie ng pera."

"At naipasok ka nga ng trabaho…?"

"Hindi. Itinira n'ya 'ko sa *apartment*. Do'n daw muna ako habang inaayos n'yang *application* ko. Sabi pa n'ya, malakas s'ya sa *manager* no'ng pabrika sa *export processing zone* kasi nangongontrata s'ya roon ng *scrap*…

"Mahigit isang buwan na 'ko sa *apartment* e hindi pa rin n'ya ako isinasama sa pabrikang papasukan ko raw. Malimit lang n'ya akong ipasyal sa *mall*, pagupitan sa parlor at ipa-*facial*. May kaitiman kasi ako noon." Napangiti. "Nagtatagal s'ya sa *apartment* hanggang gabi, at bago umalis, iiwan ako ng perang pang-*shopping*.

"Ganoon nang ganoon. Hanggang sa magtapat s'ya sa 'kin na gusto n'ya akong maging *girlfriend*. Hindi naman n'ya ako pinilit, binigyan n'ya ako nang panahon na gustuhin ko rin s'ya. Malayo ako sa pamilya, hindi taga-rito, mabait naman sa 'kin si Ferdie, napagusto na rin ako. Noon ko naman nalaman na may asawa na s'ya. Hindi naman daw sila kasal, sabi ni Ferdie, p'wede raw n'yang kalasan *anytime*. Sabi ko, kalasin n'ya muna kung talagang gusto n'yang maging kami. Girawa nga n'ya, at eto nga, kami ngayon ang magkasama. Doon na rin s'ya umuuwi sa *apartment*. Wala talagang trabahong naghihintay sa 'kin. Nalansi n'ya lang ako at ang nanay ko. Ako talaga ang gusto n'ya."

Napatungo si Lorna, napadalas ang lagok sa baso.

"Napabuti ka naman, di ba?"

Binalingan siya ni Lorna, seryoso ang mukha.

"'Yon ang akala mo…"

(MAY KARUGTONG)

Elisse at McCoy, nagpakita ng propesyonalismo sa pinagtambalang pelikula

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

BILANG *opening salvo* ng Black Sheep Productions para sa taong 2019, ipinalabas nila sa *big screen* ang *romantic comedy movie* na *Sakaling Maging Tayo* na tinampukan ng *love team* nina McCoy de Leon at Elisse Joson-kilala rin bilang McLisse.

Ipinalabas noong January 16 ang ikalawang *full-length film* ni Direk JP Habac *after* ng kanyang *I'm Drunk, I Love You* noong 2017.

Ito'y hinggil sa kasaysayan ng dalawang *college freshmen* sa Baguio na sina Laya *and* Pol at kung paanong ang kanilang *game of dares* ay naging susi para magkalapit pa sila at gawing di malilimutan ang kanilang huling gabi sa City of Pines.

Habang ginagawa ang naturang pelikula, nalaman ni Elisse ang pagkakapareho ng kanyang karakter dito. Nabanggit ng aktres na tulad daw ni Laya, minsan ay mayroon siyang mga bagay na gustong gawin nang hindi niya ito pinag-iisipang mabuti.

Sa kabilang banda, si McCoy naman na gumaganap ng papel na Pol ay inilarawan ang kanyang role rito bilang torpe at mahiyain, pero kapag may nagustuhan daw siya ay isa lang talaga.

Idinagdag pa ni McCoy na ang karakter niya rito ay may pagkakapareho rin sa kanyang ugali. "Kasi minsan ganoon ako, eh. Minsan sobrang tahimik ko lang. Pero kapag kalaunan, kapag naging *close* mo, sobrang kuwela rin pala. Nasa loob iyong kulo."

Nabanggit din ng Kapamilya aktor na marami siyang unang karanasan sa pelikulang ito. Kasama na rito ang una niyang *mainstream movie* matapos pagbidahan ang *indie film* na *Instalado* noong 2017. *First time* rin niyang mag-Baguio, na malayong lugar para sa *actor*.

Unang pagkakataon din daw niyang magkaroon ng isang *project* na *one year* ginawa. At *first time* rin maka-*work* ni McCoy ang isang taong sobrang *close* niya talaga.

Sa parte naman ni Elisse, ipinahayag niya ang obserbasyon sa kanilang naging papel dito.

"Sa *movie* na ito, *even though it's our first movie together*, iyong bawat *character* namin *and the overall journey of the story*, masasabi ko na makikita ninyo 'yung parang *rawness* at *pureness* na galing sa totoong Elisse *and* McCoy. *But at the same time, you're seeing a whole different character.*"

Nabanggit din ni Direk JP na nanggaling ang inspirasyon niya sa pelikulang ito mula sa *unforgettable romantic film* na Kung Mangarap Ka't Magising ni Direk Mike de Leon noong 1977 na tinampukan nina Christopher de Leon at Hilda Koronel. Pati na sa Jerry Lopez Sineneng's 1998 *movie* na *Labs Kita… Okey Lang?* starring Julina Magdangal at Marvin Agustin.

Sa pelikulang ito rin, pinatunayan nina Elisse at McCoy ang kanilang propesyonalismo bilang mga artista.

Buwag na kasi ang *love team* ng dalawa nang ipinalabas ang Sakaling Maging Tayo, balitang itatambal na sa iba sina Elisse at McCoy.

Aminado nga ang dalawa na ang pelikulang ito ay nagsilbing *challenge* para sa kanila.

Ayon kay Elisse, kailangang magawa nilang maisantabi ang kanilang personal *issues* para magawa nang maaayos ang kanilang trabaho.

"Iyong huling *shooting* po namin, parang ang ganda ng naging *outcome*. Basta naka-*focus* kami, kahit na mayroong personal na problema *or anything* kaya pa rin, e. Kayang maging okay ang *outcome* sa trabaho," pakli pa ng aktres.

Ria Atayde, patuloy ang pag-arangkada sa TV at pelikula

Ni NONIE V. NICASIO

TULOY-TULOY ang magandang takbo ng *showbiz career* ni Ria Atayde. Pinuri ang mahusay na pagganap ng aktres sa MMFF *entry* nilang *The Girl In The Orange Dress* na pinagbidahan nina Jericho Rosales at Jessy Mendiola. Ngayon ay balik na ulit si Ria sa *taping* ng TV *series* nilang *Halik* na tinatampukan din ni Echo.

Ipinahayag ni Ria ang kagalakan sa magandang *feedback* sa kanilang MMFF *entry*. *First time* nakaranas ang aktres na magkaroon ng *entry* sa *annual* December *filmfest* at ayon pa sa kanya, nakakapagod man sumali sa tradisyonal na *parade of stars* ay sobra naman siyang masaya sa *experience* niyang ito.

Hinggil naman sa mga papuring natanggap nila sa tinampukang *episode* sa *MMK* ng kapatid niyang si Arjo Atayde sa *life story* nina Rosedel *and* Armin-ang magkapatid na nakipaglaban para sa kinabukasan ng kanilang bayan, natutuwa rin si Ria sa bagay na ito.

Nang usisain naman ang aktres sa posibilidad na maglaban sila ng kanyang *mommy* sa Star Awards *for* TV ng PMPC, dahil may *episode* rin si Ms. Sylvia Sanchez na nagpakita nang husay bilang anak ng may Alzheimer's *disease*, halos speechless at hindi ma-*imagine* ni Ria na posibleng mangyari ito.

"*That's cool, wild*… medyo *wild*. Hindi ko naman naisip iyon," nakangiting sambit niya. "Yeah…. *I don't know, wild?* Talaga ba? Oh *my goodness*! Kalokal! *Well*, pero medyo astig. Medyo *wild*, medyo *wild*," sambit pa ni Ria bilang reaksiyon sa posibilidad na magsalpukan sila ng kanyang *mommy* bilang Best Actress sa TV.

Available na rin sa iWant ang *digital* TV *series* nilang *High* ni Direk Dondon Santos na tinatampukan nila nina Markus Paterson, Sanmnie Rimando, Lara Quigaman, Christian Morones, Justine Cuyugan, at iba pa.

Ang naturang serye ay may *eight episodes* na parang tulad ng napapanood sa Netflix. Gumagarap dito si Ria bilang kapatid ni Markus na sumali sa High *challenge*, isang *internet challenge* na kontrolado pala ng isang malaking sindikato.

Nabanggit din ng magandang anak ni Ms. Sylvia ang *wish* niya para sa 2019 para sa kanyang *showbiz career*, na sana raw ay makagawa siya ng tatlong pelikula sa taong ito at bagong *show* pagkatapos ng kanilang serye sa ABS-CBN.

Sinabi rin niya ang kanyang New Year's *resolution*. "*Buy more from local brands. As in* 'yung mga local na binabahi, ganyan… *and* siguro *be a little bit more passive, instead of passive-aggressive, passive* na lang.

"Bakit? Wala lang…. *I feel like I care too much about a lot of things and I don't wanna do that anymore*, nakaka-*affect* siya sa *mental health* ko," nakangiting sambit pa ni Ria.

Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

"Baka akala mo'y okey lang sa 'kin ang pag-uwi-uwi mo nang hatinggabi na. Kung 'yung aso pag nawala, hinahanap, tao pa kaya?"

Hindi kikibo si Sonny Boy, pababayaan lang ang ama; nasesermon lang naman siya kapag narito si Mang Jamin. Pagbalik nito sa *abroad*, malayang-malaya na naman siya. Kayang-kayang karinyuhin ang ina.

Isang hapon, bago sila magsara, dumating sa *parlor* si Sonny Boy. Saglit na hinarot si Zeny; pinapalis ang kamay ng kanyang pinsan na humihimas sa braso ng kanilang *hairdresser*. Maglulubay si Sonny Boy, ngingiti at kikindatan si Zeny kapag sumusungit na ang mukha.

"Me lakad ka, Janno?"

"Wala. Bakit?"

"Gusto mong gumimik?"

Hindi siya sumagot agad. Nasa isip niyang baka sa *henhouse* o sa diskuhan na naman siya yayain ni Sonny; baka naghahanap lang ito ng damay para may maidahilan sa mga magulang. Isa pa, baka mag-*text* si Nets, magyaya, ay hindi niya mapagbigyan.

"Gimik? Ano'ng klaseng gimik?"

"Ikaw? Sa'n mo ba gusto?"

"Wala akong pera…."

"Kelan ba kita 'pinagbayad?"

Wala na siyang maisip na dahilan. "Tayong dalawa lang ba?"

Ngumiti. "Para *exciting*, yayain mo si Jonna."

Tinulungan silang magsara ni Sonny Boy saka sila bumiyahe patungong Panamitan. Madilim na. May pakiramdam siya na *set-up* na naman ito ni Sonny Boy, itinutulak siya para diskartehan niya si Jonna. O gayon nga ba? Baka naman si Sonny Boy ang may kursunada kay Jonna at ginagamit lamang na tulay siya?

Nahiling niyang sana'y hawag payagan ni Aling Maring na sumama sa kanila ang pamangkin.

Nakadalawang katok siya sa pinto bago siya pinagbuksan. Nakamulagat ang mata ni Jonna nang mabungaran siya.

"O, himala, naligaw ka dito?"

Pero kaagad ding napawi ang ngiti ni Jonna nang makitang hindi siya nag-iisa; nasa likuran, kasunod niya, si Sonny Boy.

Napaismid, nagsalubong ang mga kilay, ni Jonna.

(ITUTULOY)

MAGLUTO TAYO

Pitok NI MARENG LENA

MAHALAGANG bahagi na ng ating buhay ang pagluluto. Sumasapit ang mahahalagang okasyon – Pasko, Bagong Taon, kaarawan – Nagluluto tayo para sa mga panauhin na darating. Lumilipas ang mga okasyong iyon, ngunit kailangang magluto para sa ating pamilya.

BROCCOLI SPECIAL

MGA SANGKAP:

2 broccoli, himay-himayin
4 na tokwa, pag-animin bawat isa at iprito nang malasado
3 kutsarang *oyster sauce*

PARAAN NG PAGLULUTO:

PAKULUAN ang *oyster sauce* matapos bantuan ng kaunting tubig. Ihulog ang broccoli. Pakuluan hanggang lumambot ito. Saka ihalo ang tokwa.

SOPAS NA SOTANGHON

MGA SANGKAP:

1 balumbon ng sotanghon, ibabad sa tubig at gupitin ng 5 pulgada ang haba
Itlog, ayon sa dami ng kakain ang ilaga; balatan
2 kutsarang dinikdik na hibe
3 butil na bawang, pitpitin
1 sibuyas, hiwain nang maliliit

PARAAN NG PAGLULUTO:

IGISA ang bawang, sibuyas at hibe. Tubigan ayon sa kailangang dami ng sabaw. Pakuluin ito. Timplahan ng asin, paminta at pampasarap mix. Bago ilagay ang sotanghon. Pakuluin pa. Saka ilagay ang itlog.

SUPER SOTANGHON

Ihanay man ito sa mga espesyal na putahe, higit na magtutuunan ng gana ang *recipe* na ito. Gayong *affordable* ang halaga ng mga sangkap. Kaya inulit ko ang paglalathala. May idinagdag ako ng isang sangkap.

MGA SANGKAP:

Sotanghon, ½ kilo – ibabad at gupitin ayon sa nais na haba
2 puso ng saging –alisin ang magulang na balat, hiwain nang maninipis, lamasin sa asin, hugasan at pigain
¼ kilong hipon, katamtaman ang laki, alisan ng mga paa
½ kilong alimasag, maliliit, alisan ng mga galamay
2 butil na bawang, pitpitin
1 sibuyas, hiwain nang maliliit
Asin, pamintang durog, pampasarap mix, ayon sa panlasa ang dami

PARAAN NG PAGLULUTO:

IGISA sa bawang at sibuyas ang hipon, alimasag at puso. Tubigan ng kaunti. Timplahan ito. Patuloy na lutuin, paminsan-minsang hinahalo.
Huling ihalo ang sotanghon. Tantiyahin kung sapat ang dami ng tubig upang maluto ito. Ihain nang nakaayos sa ibabaw ang hipon at alimasag.

Mga larawang mula sa Google

BALIK-TANAW SA KASAYSAYAN

Ni BOY A. SILVERIO

ITINUTURING na unang Pilipinong gumawa ng kanyon si Panday Pira. Siya umano ang lumikha ng mga kanyong ginamit ni Rajah-Sulayman upang ipagtanggol ang Maynila laban sa mga Kastila. Makikita ang pangalan ni Pira sa Ikaapat ng kapitulo ng Sucesos de las Islas Filipinas ni Antonio de Morga, sa termino ni Gobernador Heneral Santiago de Vera, inupahan ang serbisyo ng isang matandang Indio na nagngangaglang "Pandapira" upang gumawa ng mga kanyon bilang depensa sa bagong tayong kuta ng Nuestra Senorade Guia.

Panday Pira

-oOo-

SI Nora Aunor ay isang *multi awarded* na aktres, na ang ginampanang pelikulang "Himala" ay pinarangalan ng CNN APSA Viewer's Choice Award Bilang Best Asia Pacific Film of all Time noong Nobyembre 2008.

Kinikilala bilang ang nag-iisang Superstar. Bilang pagkilala sa kanyang natatanging husay sa pagganap ay ginawaran siya ng Centennial Honor or the Arts na ipinagkaloob ng Cultural Center of the Philippines noong 1999. Pinarangalan din siya ng tatlong *international best-actress trophies* at hindi mabilang na mga *awards* at pagkilala sa kanyang husay sa pag-arte.

-oOo-

SA bayan ng Daet, sa lalawigan ng Camarines Norte matatagpuan ang itinuturing na unang monumento ng pambansang bayani na si Dr. Jose Rizal. Ipinatayo ito ng mamamayan ng Daet bilang parangal sa dakilang bayani noong ika-30 ng Disyembre 1898, dalawang taon pagkatapos maging martir si Jose Rizal sa Bagumbayan na ngayo'y tinatawag na Rizal Park.

-oOo-

ATBP: Itinalaga ng Hari ng Spain si Francisco Jose de Obando bilang Gobernador Heneral ng Pilipinas. Ang pangalan ng lugar na Obando sa Bulacan ay sa kanya nanggaling.

Napawalang sala sa kasong *rebellion with murder, arson and robbery* ang manunulat at *labor leader* na si Amado V. Hernandez noong Mayo 30, 1964.

Amado V. Hernandez

Mga larawang mula sa Google